Mga Uri ng Panahon

GAWAIN 2

Panuto : Iguhit sa patlang ang buwan kung nagsasaad ng tamang uri ng panahon at kidlat naman kung mali ang isinasaaad na uri ng panahon.

_____1. Tuwing mahangin ang panahon ay nararamdaman natin ang malakas na pag-ihip ng hangin kung kaya sa panahong ito ang mga kabataan ay nagpapalipad ng saranggola.

_____2. Maaraw ang uri panahon kapag mainit at masikat ang araw. Karamihan ng mga tao ay gumagamit ng payong upang mapangalagaan ang balat.

_____3. Bumabagyo ang uri ng panahon kapag madilim ang paligid at malakas ang ulan na may kasamang kulog at kidlat. Kapag bumabagyo ang lahat ay pinaghahanda at dapat ay nasa loob ng bahay para sa kaligtasan.

_____4. Sa maulang panahon ang mga tao ay namamasyal sa parke.

_____5. Maulap ang panahon kapag tayo ay may mapapansin na pumapatak na tubig mula sa makulimlim na kalangitan.

LIVEWORKSHEETS

GAWAIN 3

Panuto: Iguhit ang ☀ araw kung tama, at ulap ☁ kung mali ang isinasaad ng panahon

_____1. Lumabas ng bahay kapag madilim ang langit at malakas ang ulan.

_____2. Dapat magpainit sa oras nang katanghalian tuwing maaraw ang panahon.

____3. Mamasyal sa parke kapag mahangin ang panahon.

____4. Ang maulang panahon ay makulimlim ang langit at may pumapatak na tubig mula sa kalangitan.

____5. Madilim ang paligid at malakas ang ulan na may kasamang kulog at kidlat kung kaya lahat dapat ay nasa loob ng bahay tuwing bumabagyo.

LIVEWORKSHEETS